

## Ano ang Kasalanan?

Ano ba ang kahulugan ng KASALANAN para sa iyo? May nagsasabi na ito ay depende sa sitwasyon, asal at pamumuhay na di tanggap ng lipunan. Sa iba naman, ito ay maling pamumuhay na ngayon ay tanggap na at tinuturing na di kasalanan.

Dati-rati ang pagsasama ng di-kasal ay tinatawag na imoral. Sa kasalukuyan, ito ay tanggap na maging ng matataas na tao sa lipunan. Maging sa telebisyon, sa mga teleserye kung saan ang relasyon-sekswal ng di mag-asawa ay napapanood ng milyon-milyon pati ng kabataan na tahasang nagpapahiwatig na ito ay normal at natural lamang, na di dapat ikahiya o makadama ng 'guilt o sala'.

Walang dapat ikahiya, ni pagsisisihan man! Ayos lang—basta't huwag kalilimutan ang 'safe sex', para masaya lahat." Ito ba ang pinaabot natin sa manonood sa buong mundo?

Dapat bang tanggapin na lamang natin ito? Nais ba ng Dios na tayo mismo ang umalam kung ano ang tama o mali? Hinahayaan ba niya tayo na magdesisyon sa ating sarili kung ano ang kasalanan o hindi?

May iba na naniniwala na maging ang ibang gawain tulad ng paglalaro ng baraha, panonood ng sine ay kasalanan din. Pinagkakamali nila na ang lahat ng kasayahan tulad nito ay gawaing masama. Dapat bang isipin natin na ayaw ng Dios na ang tao ay maging masaya sa pamamagitan ng pagsikil sa ikasisiya nito? Ano ba talaga ang sinasabi ng Biblia tungkol sa KASALANAN?

Ang tunay na kahulugan ng KASALANAN ay makikita sa 1 Juan 3:4, "*ang sinumang gumagawa ng kasalanan ay sumasalangang sa kautusan: ang kasalanan ay ang pagsalangsang sa Kautusan.*" Ang kasalanan ay **hindi** ang paglabag sa tradisyong relihiyon gawa ng tao kundi ang pagsalangsang o pagsuway sa kautusan ng Dios!

Ang kautusan ng Dios ay ang kanyang pamantayan sa dapat ugaliin ng tao. Sa tuwing tayo'y sumusuway sa kautusan, tayo'y nagkakasala. Ano nga ba ang kautusan ng Dios? At, paano pinahahayag ng Dios ang kanyang kautusan sa atin?

### Ang Kautusang Nahayag sa mga Nilikha o Katutubo

May dalawang paraan kung saan inihahayag ng Dios ang kanyang kautusan sa dapat ugaliin ng tao. Ang una ay sa pamamagitan ng kanyang nilikha o Katutubo.

Ayon kay apostol Pablo, "*Nahahayag mula sa langit ang poot ng Dios laban sa kalapastanganan at kasamaan ng mga taong dahil sa kasamaan ay hinahadlangan ang katotohanan. Sapagkat ang maaaring malaman tungkol sa Dios ay maliwanag, dahil iyon ay ipinahahayag ng Dios sa kanila. Mula pa ng likhain ang sanlibutan, ang kanyang likas na di nakikita, ang kanyang kapangyarihang walang hanggan at ang kanyang pagka-Dios, ay maliwanag na inihahayag ng kanyang ginawa. Kaya't wala na silang maidadahilan pa* (Roma 1:18-20).

Ang nabanggit ay **hindi** para lamang sa mga Israelita na tumanggap ng Sampung Utos sa bundok Sinai; kundi **para sa lahat ng tao**; kaya walang maidadahilan ang sinuman 'pagkat ang mga bagay na di nakikita na mula sa Dios.ang kanyang katutubong katuwiran at kautusan—ay makikita sa mga bagay na kanyang nilikha. Anong ibig sabihin ni Pablo dito? Papaanong ang pamantayan ng Dios ay nakikita sa kanyang nilikha?

Sa ngayon marami pang katutubo ang malayo sa kabihasanan. Marami ang di pa kristiyano, di pa nararating ng sibilisasyon bagamat namumuhay sa lupain ng kanilang ninuno, na may batas at tradisyong sinusunod. May mga batas sila hinggil sa pagpatay, pangangalunya, pagnanakaw, at iba pa; pati seremonya sa kasal at paniniwala sa iisang Dios ay mayroon sila.

Ngayon, papaano nakaalam sa Batas ng Dios ang mga taong ito na di man lamang nakabasa ng Biblia o naabot ng ebanghelyo? Simple lang, ang maraming pamantayan ng Dios ay nahahayag sa kalikasan at nakikita sa mga bagay na Kanyang nilikha!

May ilan ang may paniniwalang likas sa tao ang maging masama. Ito'y mali sapagkat matapos likhain ng Dios ang lahat kasama na ang tao ang sabi Niya "lahat ay napakamabuti" (Genesis 1:31). Ang tao ay may konsensya na likas sa kanya na nagsasabi sa kanyang sarili na ang isang bagay ay mali o tama. At kapag ang batas na ito ay nasuway, sila'y nagkakasala.

Nasusulat ni Pablo "*Sapagkat kung ang mga Gentil na walang kautusan sa katutubo ay nagsisigawa ng mga bagay ng kautusan,ang mga ito, na walang kautusan, ay kautusan sa kanilang sarili; Na nangatatanyag ng gawa ng kautusan nasusulat sa kanilang puso, na pinatotohanan ito pati ng kanilang budhi...*" (Roma 2:14,15)

Sinasabi ni Pablo sa unang dalawang kabanata sa liham sa Roma 3:23 na ang lahat, maging Israelita at Gentil, ay nangagkasala o salarin—sa pagsuway sa Batas ng Dios. Samakatuwid ang kautusan sa Sinai ay patotoo laban sa mga

Israelita, samantalang ang Batas na nahayag sa kalikasan o katutubo ay laban sa mga Gentil o Pagano.

Ang tunay na kalikasan ng tao, malibang magpakasama, ay nakaaalam na ang pagpatay, pangangalunya, pagnanakaw at pagsisinungaling ay kasalanan. Marami ang di man nakabasa ng kautusan mula sa biblia ay magsasabi na ang pakikipag-relasyon sa kapwa lalaki o kapwa babae ay karumal-dumal, maging ang sariling budhi ay laban sa ganitong mga bagay!

Tulad na lamang ng mga taga-Sodoma na nabuhay bago pa sa panahon ni Moises; sila ma'y 'di nakatanggap ng kautusan mula sa Dios, subalit sila'y nilipol ng Dios dahil sa kanilang kabuktutan at pagsuway. Gayon din ang taga-Nineveh, dahil sa kanilang kasamaan, sila'y binalaan na lilipulin ng Dios. Wala sila kapwa maidadahilan, alam nila, sa pamamagitan ng kalikasan o katutubo ng mga bagay, na ang ilang gawain ay imoral at kasuklam-suklam. Maliwanag na marami sa pamantayan ng Dios ay nahahayag sa katutubo—bagamat di lahat!

### **Kautusang Nahayag sa Kasulatan**

Sa mga sinaunang Israelita, inihayag ng Dios ang kanyang utos sa pamamagitan ni Moises, sa kasalukuyan ito'y inihahayag sa kasulatan. Karamihan sa mga kautusan ng Dios na nasa kasulatan ay nahayag sa katutubo, subalit ang iba'y nasa kasulatan. Tulad ng Araw ng Sabbath, hindi natin malalaman na ito'y *banal na araw* maging ang eksaktong araw nito. Sa kasulatan ay makikita ito bilang isang tanda, sasagisag sa relasyon ng Dios at ng kanyang bayan.

Sa Exodo 31:13, sinabi ng Dios kay Moses, "*Salitain mo rin sa anak ni Israel, na iyong sabihin, katotohanang ipangingiling nyo ang aking mga sabbath; sapagkat isang tanda sa kin at sa inyo sa buong panahon ng inyong lahi, upang makilala na ako ang Panginoon na nagpapabanal sa inyo.*"

Ang pagsunod sa Sabbath ay nagpapanatili ng karunungan ng Dios sa isipan ng kanyang mga hirang. Ito'y nakatuon sa kanyang paglikha (ikumpara ang Exodo 20:8-11 sa Genesis 2:23). Ito rin ay patuloy na nagpapaalala sa Israelita na may isang Dios na nagligtas sa kanila sa pagkaalipin sa mga Ehipto (Deuteronomio 5:12-15).

Ngayon, ang Sabbath ay nananatiling simbolo ng Dios at ng kanyang bayan—ang Iglesia. Nakatuon ito sa Dios ng Biblia, ang Manlilikha; ito'y buhay na paalala sa atin sa pagkalaya natin sa kasalanan (katulad ng pagkaalipin sa Ehipto) sa pamamagitan ng ginawang pagtubos ni Jesucristo.

Ang Sabbath ay ang ikaapat na utos na nakapaloob sa sampung utos ng Dios sa Sinai. At malinaw na sinabi ni Jesus na hindi siya naparito upang sirain ang kautusan (Mateo 5:17-19), kung lalabagin natin ang Sabbath, tayo'y sumusuway sa kautusan. Muli, tandaan natin ang kahulugan ng kasalanan: **Ang kasalanan ay pagsuway sa Kautusan.**

Maliban sa linghang Sabbath, ang taunang Sabbaths ay bahagi rin ng kautusan na nasa Kasulatan. Di natin malalaman ang mga taunang Banal na Araw (annual holy days) maliban sa kapahayagan nasa Kasulatan, maging ang pagbabaustismo gayon din ang pagtubos na ginawa ni Jesus para sa atin.

Ngayon, ituon naman natin ang ating pag-aaral sa iba pang kahulugan sa KASALANAN ayon sa biblia.

### **Lahat ng Kalikuan ay Kasalanan**

Ayon kay Apostol Juan "*lahat ng kalikuan ay kasalanan...* (1 Juan 5:17). Ito ay isa ring paraan ng pagsasabi na ang "kasalanan ay pagsuway sa kautusan—sapagkat ang kautusan ay di lamang nagpapaliwanag ng kasalanan, kundi ng 'katuwiran' din.

Nasulat sa Awit 119:172, "*...pagkat lahat ng mga utos mo ay katuwiran*", nangangahulugan na ang pamantayan ng Dios ng Katuwiran ay makikita sa kanyang kautusan. Ang kautusan na nagsasabi sa atin na sambahin natin Siya at Siya lamang (Unang utos); na lubayan natin ang paggamit ng imahe o idolo (ika-2 utos); na magsalita ng may pitagan sa kanya, huwag gamitin ang kanyang pangalan sa walang kabuluhan (ika-3 utos); na pakabalin ang Kanyang 'Sabbath' (ika-4 na utos); na igalang natin ang ating magulang (ika-5 utos); na huwag papatay (ika-6 utos), huwag makikiapid (ika-7 utos); magnanakaw (ika-8 utos), magbibintang sa kapwa (ika-9 na utos) at mag-iimbot ng di sa'yo (ika-10 utos).

Ang **katuwiran** ay ang nagsasabi din kung ano ang kasalanan at kasamaan. Sa 1 Pedro 2:24 na ang *Kristiano ay namatay sa kasalanan at mabuhay sa katuwiran*. Sa 1 Corinto 15:34, Sinulat ni Pablo, "*Gumising kayo sa katuwiran at huwag mangagkasala*," pinakikitang ang katuwiran ay kabaligtaran ng kasalanan o pagsuway. Sa Roma 6:16-18 gayon din ang ibig niyang sabihin, "*Di nyo ba nalalaman na kung kanino kayo sumusunod ay alipin kayo ng inyong sinusunod, maging pagsunod sa kasalananang ikamamatay o sa katuwiran man? ...At yamang pinalaya kayo sa kasalanan ay naging alipin kayo ng katuwiran.*"

Sa sulat sa mga Romano, binanggit ni Pablo ang "*Batas ng Katuwiran*" at ng "*Matuwid na Katuparan ng kautusan*"

(Roma 2:26, 8:4, 9:31), pinakikita na ang pagkilala nya sa katuwiran ay nagmumula sa kautusan. Maging sa 1 Tim. 3:16, sinabi nya na ang Lumang Tipan, kung saan naroon ang kautusan, ay mabuti sa "*pagtuturo ng katuwiran.*"

Ang talata na madalas may maling pagka-unawa, sa Roma 3:21 "*Ngunit ngayo'y nahayag na kung paano pinawalang-sala ng Dios ang tao. Hindi sa pamamagitan ng kautusan, ang Kautusan at ang propeta mismo ang nagpapatotoo dito.*" Kung ang katuwiran ay ipinaliliwanag ng kautusan, bakit nasabi ni Pablo na ang Katuwiran ng Dios ay "maliban sa kautusan?" Ang kasagutan ay nasa sumunod na talata (v22 at 23) "*Pinawalang-sala ng Dios ang lahat ng sumasampalataya kay Jesucristo, sa pamamagitan ng kanilang pananalig sa kanya, Hudio man o Gentil. Sapagkat ang LAHAT ay nagkasala at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Dios.*"

Ang kautusan na pinahayag sa pamamagitan ni Moises, at malinaw na pinaliwanag ni Cristo, ay ang Katuwiran ng Dios. Subalit hindi ito ang tinutukoy ni Pablo, kundi ang paraan kung saan ang lumabag sa kautusan ay magkakamit ng Katuwiran. Sinasabi niya na dahil tayong lahat ay nagkasala, kinakailangan nating makamtan ang katuwiran sa paraan **maliban sa kautusan**—at iyan ay sa "*biyaya at kagandahan loob ng Dios sa pamamagitan ng katubusan na na kay Cristo Jesus*" (v24)

Ibig bang sabihin nito na ang kautusan ay lipas na at di na dapat sundin? "*Pinapawalang-saysay ba namin ang kautusan dahil sa pananampalatayang ito. Hinding-hindi! Sa halip, pinapagtibay namin ito.*" (v31) Kamangmangan isipin o akalain na ang Dios, matapos tayong patawarin sa ating kasalanan, ay sisirain at aalisin na ang kautusan na nagpapaliwanag ng kahulugan ng kasalanan—kung walang kautusan, walang kasalanan (Roma 5:13), kung gayon, kung wala rin lang kasalanan, di na rin kailangan ng pagpapatawad ng kasalanan!

Pakaisipin na ang kautusan ay pamantayan ng katuwiran mula sa Dios. Ito ang nagsasabi kung ano ang dapat nating ugaliin na kalugod-lugod sa Dios gayundin ang ugaling di katanggap-tanggap sa Kanya. Ito rin ang naging pamantayan Niya nang ideklara na ang lahat ay nagkasala at kailangang tubusin ni Cristo. Kung aalisin o di na susundin ang kautusan, para saan at nagdusa at namatay si Cristo?

### **Mayroon bang Kasalanang Walang Kapatawaran?**

Sinabi ni Jesus, "*Kaya't sinasabi ko sa inyo, mapapatawad ang anumang kasalanan at paglapastangan, ngunit hindi patatawarin ang anumang paglapastangan sa Espiritu. Sinumang magsalita laban sa Anak ng Tao ay patatawarin, ngunit ang magsalita laban sa Espiritu Santo ay di patatawarin, maging sa panahong ito o sa panahong darating.*" (Mateo 12:31-32)

Ang pangungusap na ito ay lumikha ng maraming katanungan; paano ang kalapastangan sa Espiritu ay naiiba sa iba pang mga pagkakasala? Ano ang dahilan upang di ito patawarin? Nangangahulugan ba nito na ang di pagbigkas sa pangalan ni Jesus sa walang pitagang paraan ay mapapatawad subalit sa Espiritu ay Hindi patatawarin?

Ang lahat ng ito'y masasagot kung isasaalang-alang natin ang sitwasyon na nagtulak kay Jesus upang magbabala tungkol sa kasalanan laban sa Banal na Espiritu.

Ang mga Pariseo ay pinagbintangan si Jesus na nagpapalayas ng demonyo gamit ang kapangyarihan ni "Beelzebub" ang hari ng mga demonyo (v24). Tugon ni Jesus "*Kung si Satanas ay magpapalayas kay Satanas, kinakalaban niya ang kanyang sarili, paano mananatili ang kanyang kaharian?*" (v26) ... Subalit kung ako'y nagpapalayas ng demonyo sa kapangyarihan ng Espiritu ng Dios, dumating na sa inyo ang kaharian ng Dios". (v28)

Ang akusasyon ng mga Pariseo ay hindi lang bunga ng di-pagkaalam sa kapangyarihan ni Jesus, kundi dahil sa katigasan ng kanilang mga puso. Nahinuha ito ni Jesus sa pahayag ng mga Pariseo, kung saan ang gawa ng Espiritu Santo ay sinasabing mula sa demonyo, ay magmumula lamang sa puso ubod ng tigas na di tinatablan maging ng biyaya ng Dios. Ang '*kalapastangan sa banal na Espiritu*' ayon kay Jesus ay di lang gawaing panlabas kundi maging sa kalooban din naman. Ang pagsasabi na ang gawa ng Espiritu Santo na mula sa demonyo ay bunga ng kalagayang ispiritwal na humahadlang ng tunay na pagsisisi sa harapan ng Dios, at dahil dito'y wala ring kapatawaran.

Subalit kung di-matigas ang puso ng isang makasalanan kahit di pa niya kayang magtika, ang kapatawaran ay maaari pa rin. Ang ibang tao na humingi ng kapatawaran kay Jesus at tumanggap ng Espiritu Santo sa Araw ng 'Pentecost' at nagsalita ng laban sa Kanya ilang lingo bago ito mangyari (Mga Gawa 2:36-41). Si Pedro mismo ay pinagkanulo si Cristo sa gabi bago Siya ipinako sa krus (Juan 18:17, 25-27) subalit ito ay bunga ng takot, hindi ng matigas na puso na di kayang pumasok maging ang habag ng Dios.

Ang sinumang tao ang tunay na gustong sumunod sa Dios at nais tanggapin ang kaligtasan nagmumula sa Kanya ay

maaaring mapatawad! (Upang lubusang maunawaan ang paksang ito, maaari po kayong humingi ng libreng aklat na pinamagatang *What is Unpardonable Sin?*)

### **Anumang Hindi sa Pananampalataya**

Sinabi ni Pablo (Roma 14:23) “*Anumang hindi sa Pananampalataya ay kasalanan.*” nangangahulugan na anumang gawain na di aayon sa paniniwala o “*conviction*” ay kasalanan. Halimbawa, *naniniwala* tayo na ang Sabbath, tulad ng pag-aasawa, ay naitatag simula pa lang ng paglikha; *naniniwala* rin tayo na ibinigay ito sa Israel bilang isa sa sampung utos ng Dios—kung babalewalain natin ang Sabbath—di lang natin nalabag ang kautusan ng Dios kundi nalabag pati ang ***batas ng Pananampalataya.***

Sa panahon ni Pablo, ang mga karne na inalay sa mga idolo o imahe ay tinitinda sa palengke. Alam ni Pablo na ang mga idolo ay walang kwenta, wala itong kapangyarihan na maparumi ang mga laman ng karne na inalay. Ang ilan sa Kristiano sa Roma ay di makabili at makakain nito dahil ito’y ginamit sa pag-aalay—di sila makakain dahil ito’y katitisan sa kanila. Dahil dito, ipinayo ni Pablo na huwag na silang kumain dahil anuman gagawin nila na di sa Pananampalataya ay kasalanan.

Gayon ding panuntunan ang laging ginagamit sa pag-inom ng alak. Walang masama sa katamtaman pag-inom ng alak, maging si Jesus ay uminom ng alak. Ang kanyang unang himala ay nang gawin Niyang alak ang tubig. Idagdag pa dito, ang Israelita ay pinayagan gamitin ang alak sa ‘festival tithes’ kung ibig nila (Deuteronomio 14:26) at maging si Pablo ay pinayuhan si Timoteo na uminom ng konting alak para sa kanyang sikhura at madalas na pagkakasakit (1 Timoteo 5:23).

Ganunpaman, may ilang Kristiano na dahil sa kanilang maling pananaw na ang katamtamang pag-inom ng alak ay paglalasing din na natutunan sa relihiyong kinabibilangan—at itinuturing na kasalanan kahit ang pag-inom ng kaunti.

Makikita natin na ang kasalanan ay may pagkakaiba-iba ng pakahulugan. Ito ay (1) pagsuway sa kautusan, (2) lahat ng kalikuan, at (3) anumang hindi sa pananampalataya. Ang ganitong mga paglalarawan ay may lagpasang kahulugan, at tutulong sa atin upang higit na maunawaan ang kalikasan at kadahilanan ng kasalanan.

Subalit may isa pang kahulugan ng kasalanan na kung maunawaan, ay higit na maiintindihan kung ano ang kasalanan at kung saan ito nagmula.

### **Kasalanang Likas (*Sinful Nature*)**

Sa Roma 7:14, ipinaliwanag ni Pablo; “*Sapagkat nalalaman natin na ang kautusa’y sa espiritu: ngunit ako’y sa laman, na ipinagbili sa ilalim ng kasalanan.*” Ang ‘*context*’ o kabuuang nilalaman ay pinakikita na ang sinasabi ni Pablo na batas na ispirital ay di iba kundi ang ‘*Decalogue*’ o ang 10 utos ng Dios.

*Sapagkat ang ginagawa ko’y hindi ko nalalaman: sapagkat ang hindi ko ibig, ang ginagawa ko; datapuwa’t ang kinapopootan ko, yaon ang ginagawa ko. Ngunit kung ang hindi ko ibig, ang siyang ginagawa ko, ay sumasang-ayon ako na mabuti ang kautusan.* (v15-16). Sinasabi ni Pablo na may pagkakataon na siya’y nadarapa, nagkakamali rin; siya ay tao at ang pagiging tao, maaaring magkaroon ng kamalian at pagkukulang. Maaaring nakalilimot siya manalangin o magkaminsan ay nagkakaroon ng maling isipin o nagagalit upang ipagtanggol ang sarili.

Anuman ang kanyang pagkakamali, sinasabi niya na ang pinagmumulan nito ay ang sumusunod. Roma 7:17, “*Kaya ngayo’y hindi ako ang gumagawa nito, kundi ang kasalanang tumitira sa akin.*”

Dito tinuturing ni Pablo ang kasalanan na parang nananahang espiritu sa tao. Ang kasalanan, sa ganitong pananaw, ay higit pa sa paglabag lamang sa kautusan; ito ay isang bahagi ng kalikasan ng tao dahil kaya nakalalabag tayo sa kautusan ng Dios. **Ito ang kasalanang-likas.**

Higit na maiintindihan ang konseptong ito, kung aalamin natin ang ‘*Principle of Cause and Effect*’. Ang partikular na kasalanan na nagagawa natin ay ang epekto o ‘*effect*’, samantalang ang kasalanan nananahan sa atin ay ang sanhi o ‘*cause*.’ Kung paanong ang mabubuting gawa ay ang ebidensya ng ating pananampalataya (Hebreo 11; Santiago 2:14–26), gayun din ang karaniwang kasalanan nagagawa natin ay ebidensya naman ng kalikasan ng tao (*human nature*) na nananahan sa atin.

Kung ganon, lahat ng kasalanan na naghihiwalay sa tao at Dios ay nagsisimula sa isipan. Nang ang mga Pariseo ay nag-usisa kung bakit ang alagad ni Cristo ay di sumusunod sa tradisyong ng mga matatanda, kumakain sila ng tinapay ng di naghuhugas ng kamay. Ipinaliwanag ni Jesus na hindi yung pumapasok ang nagpaparumi sa tao, kundi yaong lumalabas ang nagpaparumi sa kanya, “*Sapagka’t mula sa loob, mula sa puso ng mga tao, lumalabas ang masasamang pagiisip, ang*

*mga pakikiapid, ang mga pagnanakaw, ang mga pagpatay sa kapuwa-tao, ang mga pangangalunya, ang mga kasakiman, ang mga kasamaan, ang pagdaraya, ang kalibugan, ang matang masama, ang kapusungan, ang kapalaluan, ang kamangmangan: Ang lahat ng masasamang bagay na ito ay sa loob nagsisipanggaling, at nangakakahawa sa tao.”* (Marcos 7:21–23)

Lubos na nalalaman ni Pablo na kahit na siya’y binago na ng Dios, kahit na ang “lumang tao” nasa kanya ay nailibing na sa tubig ng bautismo—ang kasalanang-likas ay nananating buhay at nananahan sa kanya.

Nasulat ni Pablo sa Roma 7:21-23, “*Kaya nga nasumpungan ko ang isang kautusan na, kung ibig kong gumawa ng mabuti, ang masama ay nasa akin. Sapagkat ako’y nagagalak sa kautusan ng Dios ayon sa pagkataong loob: Datapuwat nakikita ko ang ibang kautusan sa aking mga sangkap na nakikipagbaka laban sa kautusan ng aking pag-iisip, at dinadala akong bihag sa ilalim ng kautusan ng kasalanan na nasa aking mga sangkap.”*

Ang ‘kautusan ng kasalanan’ ay nilalarawan na ‘lumang tao’ (Roma 6:6)—ang dating makasalanang-sarili (ang laman)—na nang baguhin—ay namatay na sa harap ng Dios—(Roma 7:5; 8:1, 4-9). Ito ang nasa sa ating kalooban na nagtutulak para sumuway sa kautusan. Matatawag natin itong kasalanang likas (sinful nature), subalit ang biblia ay may iba pang tawag dito—pita o pag-iimbot. (*lust or covetousness*)

### **Ang Kasalanan ni Adan**

Ayon sa “The Concise Dictionary of Christian Tradition”, ang **orihinal na kasalanan** ay ang makasalanang kalagayan na nasa tao na mula pa kay Adan. Ito’y iba pa sa kasalanang aktwal na tuwirang pagsuway sa Dios (p279). Gayunpaman, mayroon pa rin ilang pagkakaiba kung paanong ang pagkakasala ni Adan ay naka-apekto sa sanlibutan. Ang ilan ay nagsasabi na ang lahat ay dineklarang may sala nang si Adan, ang ama at kumakatawan sa lahat ng lahi ng tao, ay nagkasala matapos kumain ng pinagbawal na prutas. Dahil doon ang lahat ay ipinanganak na may sala; makasalanang na pagkapanganak pa lang! Ang iba ay tuwirang di tinatanggap ito bagkus ay naniniwala na naipasa ni Adan sa sumunod na salinlahi ang kanyang makasalanang kalikasan o ‘fallen nature’. Sa ganito’y sinasabi na ang lahat ng tao ay ipinanganak na may makasalanang puso o kasanayang gumawa ng masama.

Ang pananaw na ang lahat ay ipinanganak na nagtataglay ng sala mula kay Adan ay **kinontra ng kasulatan**. Sa Ezekiel 18, itinama ng Dios ang ganitong paniniwala ng Israelita. “*Ang nagkasala ay dapat mamatay. Ang anak ay di dapat magdusa sa kasalanan ng ama, at ang ama ay di dapat magdusa sa kasalanan ng anak* (v20).

Paano naman ang sinasabi sa Exodo 20:5? Di ba ipinangako ng Dios na parurusahan ang mga anak ng masasama “hanggang ikatlo at ika-apat na henerasyon?”

Totoo, Gagawin Niya ang gayon kung maging ang sumunod na henerasyon ay pinagpatuloy ang kasamaan na natutunan nila sa kanilang ama. Kung sila’y magsisisi at buong pusong magtitika sa Dios, tutugon Siya sa pamamagitan ng ‘pagpapakita ng habag at awa, sa magmamahal sa kanya at handang sumunod sa kanyang kautusan (v6). Ang sala ng mga ama ay magsisimula at matatapos sa kanila. Ang parusa sa salang yun ay magpapatuloy sa anak **kung patuloy nilang susundan ang yabag ng kanilang ama**. Ito ay tumutugma sa sinabi ni Pablo kung paanong ang sala ni Adan ay maiuugnay sa lahi ng tao. “*Kaya, kung paano na sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan, at ang kamataya’y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa ganito’y ang kamatayan ay naranasan ng lahat ng mga tao, sapagka’t ang lahat ay nangagkasala* (Roma 5:12). Kapag ang tao ay nagkasala, inilalagay niya ang sarili sa hatol na kamatayan na iniatang kina Adan at Eba nung sila’y magkasala. At dahil ang sanggol at maliliit na bata ay walang kakayanan na maunawaan ang tama at mali, **wala silang kakayanang mamili kung susundin at susuwayin ang Dios, samakatuwid walang pinanganak na may sala**.

Isa ring pagkakamali na isipin na ang makasalanang kalikasan ni Adan ay naipasa o ipinamana ‘sa laman o genetical’ sa lahat ng tao. Walang katibayang biblikal o basehan sa agham ang ganitong teoriya. Kung paanong anumang gawa ng kasalanan ay di makapagbabago ng lahi o ‘genes’ ng tao nagkakasala, gayun din naman kaimposibleng ang makasalanang-likas na nagbunga ng makasalanang gawi ay mailipat o maipasa sa ‘genes’ ng tao. Ganon pa man, ang makasalanang gawi ay naituturo sa susunod na henerasyon, sa halimbawa, o direktang pagtuturo.

Sa aklat ng Roma, ang katagang *kasalanan* minsa’y patungkol sa makasalanang kalagayan ng tao sa sa pangkalahatan. Ang kalagayang ito ay dahil sa (1) pagkakalayo ng tao sa Dios at (2) ang impluwensiya ni Satanas. Nang magkasala sina Adan at Eba, ang buong lahi ng tao ay nalayo sa Dios at yun ay nagpatuloy magpahanggang ngayon.

Ang tao’y nilikha upang habang panahong makasama ang Dios. Ang paglalayong ito ay nagdulot sa tao ng panghihina at

kawalang-direksyon para gawin ang kalooban ng Dios sukat na magtulak sa atin para mahulog sa kasalanan; dagdag pa ang pagmamaniipula ni Satanas.

Mahalagang maiintindihan na si Satanas ay ang orihinal na makasalanan. “Siya’y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka’t walang katotohanan sa kaniya. Kapag nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagka’t siya’y isang sinungaling, at ama nito” (Juan 8:44). Dahil sa kanya, pumasok ang kasalanan sa mundo ng tao (Genesis 3), nilinlang niya ang sanlibutan (Pahayag 12:9) at “ang espiritu naghahari sa mga taong ayaw pasakop sa Dios” (Efeso 2:2).

Ang mabuting balita ay naglaan ang Dios ng daan kung saan ang tao ay maaaring maranasan muli ang pakikisama ng Dios sa tao at matulungan tayo upang maigupo ang kasalanan at ang epekto nito. Halos 2000 taon na nakalilipas, isinugo ang kanyang bugtong na anak upang mamatay para sa kasalanan ng sangkatauhan. Ang sakripisyo ni Jesucristo ay paraan ng Dios upang abutin at tawagin sa kanya ang mga nilalang na nilikha ayon sa kanyang wangis. Sinoman lumapit sa Dios ng may taos-pusong pagtitika at pagtitiwala kay Jesus bilang Panginoon at tagapagligtas ay makararanas ng relasyon sa Dios Ama at sa Anak. Ang Banal na Espiritu ay tutulong sa nagsisisi upang masunod ang kautusan ng Dios at magsisilbing patotoo ng walang hanggang buhay sa kaharian ng Dios.

### **Pag-iimbot—ang Ugat ng kasamaan ng Tao**

Ang mga salin ng salitang ‘covet o pag-iimbot’ sa biblia ay di lahat nagpapahiwatig ng kasamaan. Isa sa mga ito ang salitang griyego na *epithumia*. Ito ay nangangahulugan ng maningas na pagnanais o paghahangad ng kahit na ano. Ginamit ito sa Lucas 22:15; Filipos 1:23 at 1 Tesalonica 2:17.

Ang ‘paghahangad’ ay di masama. Nagiging masama lamang ito kung mali ang pag-uukulan at sa ligaw na paghahangad o pagnanasang ito ay naka-ugat ang lahat ng uri ng kasalanan!

Halimbawa, Bakit kailangang sumamba sa ibang diyos maliban na lang kung may iba pang hangarin? Bakit ang ilan ay sumusuway sa Sabbath, nangangalunya, pumapatay at nagnanakaw dahil sa anong hangarin o kadahilanan? Ang totoo, ang lahat ng sinasadyang kasalanan o pagsuway ay bunga ng maling paghahangad o pita!

Ayon kay Santiago 1:13-15 “*Huwag sabihin ng sinoman pagka siya’y tinutukso, Ako’y tinutukso ng Dios; sapagka’t ang Dios ay hindi matutukso sa masamang bagay, at hindi rin naman siya nanunukso sa kanino man: Kundi ang bawa’t tao ay natutukso, pagka nahihila ng sariling masamang pita at nahihikayat. Kung magkagayo’y ang kahalayan, kung maipaglihi ay nanganganak ng kasalanan: at ang kasalanan, pagka malaki na ay namumunga ng kamatayan.*”

Nakikita nyo ba kung paanong ang lahat ng kasalanan ay nagmumula sa kasalanan-likas o ‘sin nature’ o pag-iimbot? Ang katotohanang ito ay mapupuna kung masusi nating sisiyasatin ang Sampung Utos. Pansinin ang pagkakasunod-sunod nito.

Una, Sinabi ng Dios na huwag tayong magkaroon ng ibang diyos maliban sa kanya (Exodo 20:3). Sunod ang pagbabawal ng paggamit ng mga dibuho o idolo sa pagsamba dahil ito ay sumisimbolo ng maling pagkilala sa tunay na Dios. Sumunod, sa ikatlong utos ay ang pagbabawal ng paggamit ng Pangalan ng Dios sa walang kabuluhan—dahil walang makasasamba sa Dios bilang Panginoon na sa kabila nito’y lalapastanganin ang kanyang pangalan. Ang pagsunod sa ika-apat na utos—“Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin.”—ay pagkilala natin na ang Dios at tanging Dios lamang ang Manlilikha, ang may akda ng buhay.

Napapansin nyo ba ang maayos na pagkakasunod-sunod ng Unang 4 na Utos? Sinasabi nito na ang Dios ang dapat una sa lahat, ang tunay na pagsamba ay nagsisimula sa ating pagkilala at pagsunod sa Kanya bilang Manlilikha at Kataas-taasan. Sa ganitong paraan natin pinadarama ang pag-ibig natin sa Kanya.

Ang ikalawang paraan ng pagpapadama ng pag-ibig natin sa Dios ay sa pamamagitan ng pagmamahal sa ating kapwa. Ito ay natutupad natin sa maayos na pakikipag-relasyon at pakikitungo sa ating kapwa at ito’y nagsisimula sa pamilya. Ang panlimang utos na nagpapahiwatig ng tamang pakikitungo sa kapwa tao, “*Igalang mo ang iyong Ama’t Ina*”

Ngayon, ano ang mga masasamang krimen na maaari nating magawa sa ating kapwa? Ang una dito ay ang pagpatay; ikalawa’y pangangalunya; ikatlo’y pagnanakaw at ang ika-apat ay pagbibintang sa kapwa—sa ganitong pagkakasunod-sunod!

Matapos nito ay ang ika-sampung utos “Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa, ang asawa ng iyong kapuwa, ang kaniyang aliping lalake o babae, ang kaniyang baka, ang kaniyang asno, ni anumang bagay ng iyong kapuwa.” (v17)

Mapupunang ang pag-iimbot o 'covetousness' ay nalagay sa pinakahuli sa 10 utos. Bakit? Dahil ito ang buod o kabuuan ng kautusan. Ang pagsuway sa mga nabanggit na kautusan ay nag-uugat sa pag-iimbot o pagnanasa! Sa ganito, ang pag-iimbot ay nananahan sa puso sa lahat ng kasamaan ng tao! Papaano natin nakuha ang ganoong pag-uugali at ano ang magagawa natin para maiwasan ito?

### Ang Pinagmulan ng Kasalanan-likas

May ilan ang naniniwala na likas sa tao ay mabuti, at ito'y patuloy na nagiging progresibo o bumubuti. Ang paniniwalang ito ay isang kasinungalingan 'pagkat ang kasaysayan mismo ng tao ay napuno ng dugo ng himagsikan at karahasan.

Ang iba nama'y nagsasabi na likas sa tao ang kasamaan. Ito rin ay isang maling pananaw, dahil maraming tao ang ninanais ang maging mabuti, sa pakikitungo sa kanilang kapwa, at nakadarama ng habag at kabigatan ng loob sa mga taong dumaranas ng pagdurusa.

Ang totoo'y **ang kalikasan ng tao ay kumbinasyon ng mabuti at masama**. Gusto nating maging mabuti, magmahal at mahalín, maging tapat, mapag-kalinga at masunurin sa batas, subalit di natin maitatanggi na ang mapag-imbót na kalikasan ay nananahan sa tin. Paano tayo nagkaroon nito? Mula ba ito sa Dios o gawa ni Satanas?

Ang ilan ay may maling paniniwala na ang **karnal o 'human nature**, ay nakuha o minana natin kay Satanas. Sinasabi nila na ang demonyo ay naipahahayag ang kanyang kasamaan maging sa murang isipan ng mga sanggol. Pinalalabas nito na kayang makipag-ugnayan sa isip ni Satanas sa lahat ng tao. Ang bibliya ay hindi ayon sa ganitong kaisipan bagkus ay sinasabi na *labanan natin ang Diablo at tatakas ito sa atin* (Santiago 4:7). Tamang isipin na si Satanas ay may makapangyarihang impluwensiya sa lahat ng kasamaan sa mundo pero ang kakayanan na makipag-ugnayan sa isip ay wala sa kaniya ayon sa bibliya. Kung gayon, paano tayo nagkaroon ng mapag-imbót na kalikasan na pinagmumulan ng maraming kasamaan? Upang masagot ang katanungang ito, Pansinin natin ang ugali ng isang maliit na bata bilang halimbawa;

*Ang batang si Juan, na may higit isang taon pa lamang na karanasan sa buhay, ay naglalaro sa sahig ng kanyang laruan nang ang kapitbahay nila kasama ang isa pang maliit na bata na may dala ring laruan ay bumisita sa kanila. Habang nag-uusap ang kanilang mga magulang, ang isang bata ay naglaro ng kanyang laruan. Nang makita ito ng batang si Juan, sukat ay inagaw niya ito at sinalya ang isang bata. Ilang sandali pa ay napuno ng ingay ang buong silid sa palahaw ng dalawang bata.*

Malinaw na ang batang si Juan ang mali, hindi sa kanya ang laruan. Subalit tama ba na sabihin si Juan ay nagkasala nang inagaw niya ang laruan sa isang bata? Hindi! Dahil si Juan ay batang-bata pa upang maunawaan ang tama at mali (*age of accountability*). Siya ay kumikilos lamang ayon sa kanyang nais—at ang mga batang paslit ay nabubuyo lamang ng kanilang pagnanasa at pangangailangan. Wala silang kaalaman sa tama at mali.

Darating din ang araw na mauunawaan ni Juan ng kaibahan ng tama at mali at kung magkagayon, kapag pinili pa rin niyang gawin ang mali, sa gayon siya ay nagkakasala. Dapat maunawaan din na kapag umabot na siya sa panahon ng pananagutan (*age of accountability*), ang 'sin nature o kasalang likas' ay maaaring nabuo na sa kaniyang kalooban.

Ang mga sangkap ng 'karnal o human nature' ay di masama. Ang kaisipan ng tao ay binubuo ng talino na may kapangyarihang pumili, kakayanan at emosyon. Lahat ng ito ay kaloob ng Dios at kailangan sa isang malusog na relasyon. Wala sa mga ito ang maituturing na "makasalanan".

Ang kakayanan ng tao na magpahayag ng poot, halimbawa, ay di rin matatawag na kasamaan. Maging ang Dios ay may kakayanang mapoot, ayon sa pinahayag ng kasulatan; Sinabi niya na 'Kapootan ang masama' (Roma 12:9). Kung gayon ang mapoot ay di masama, malibang ito'y maituon sa mali. Gayon din naman ang iba pa nating kakayanan at emosyon. Ang galit, panibugho at kakayahang sekswal ay di masama maliban ito'y gamitin sa maling pamamaraan.

Ang natural na kaisipan ng tao ay walang kakayanang alamin ang kalooban ng Dios. Ang 'kasalanan ni Adan' ay di nagbunga ng kasamaan sa kalikasan ng tao bagkus ito ay nagresulta sa pagkawala ng ugnayan ng tao sa Dios na kailangan ng tao upang mabuhay ng may pagsunod sa pamantayan ng Dios. Ang natural na kaisipan—kaakibat ng impluwensiya ng mundo na puno ng kawalang-pagpapahalaga sa Dios—ay lumikha ng lakad na salungat sa pamantayan ng Dios. 'Ang puso ay magdaraya ng higit kaysa lahat na bagay, at totoong masama.' (Jeremias 17:9).

Nilikha ng Dios ang tao na may 'emosyon' na di nalalayo ng sa Kanya. Ang isa lang malaking kaibahan ay ang emosyon ng Dios ay kontrolado ng Kanyang kalooban na wala sa tao. Hindi ibig sabihin nito na wala tayong kakayanang gawin ang

ating saloobin kundi ito ay naapektuhan, natatalo ng ating maigting na pagnanasa—ang ating emosyon at kakayanan bumubuo ng ating kalikasan. Ito ang sinasabi ni Pablo; *Kaya nga tunay kong ipinaglilingkod ang aking pagiisip, sa kautusan ng Dios; datapuwat ang laman ay sa kautusan ng kasalanan.* (Roma 7:24)

Alam ni Pablo na ang pagiging mapag-imbót ay nasa kanya pa kahit ilang taon na siyang humingi ng kapatawaran sa Dios at sumampalataya kay Jesus. Sa kabila ng pagnanasa ng laman, ang pangkalahatang layunin ni Pablo ay maglingkod at sumunod sa Dios—at alam niya ng walang pagdududa, na gagabayán siya ng Dios.

### **Paano Gagapiin ang Kasalanan**

Hindi madali alisin ang nakasanayan na pero hindi ito imposible. Narito ang ilang simpleng paraan upang ‘*talikuran natin ang kasalanan at anumang balakid na pumipigil sa atin*’ (Hebreo 12:1).

### **Kilalanin ang ating Kasalanan**

Mahalagang makilala natin ang ating kamalian. May kasalanan at kahinaan na halata, na di kayang itago. Tulad ng paninigarilyo, di ito maitatago, maging pagnanasa at ang inaalagaang pagkamuhi sa iyong kapwa ay hindi natin maitatatawa na ito’y nararamdaman mo.

May kasalanan din namang madalas nananatiling tago at di kinikilala. Ang pinakamalala dito ay ang ‘pagmamataas o *pride*’. Marami ang binubulag ng mapanirang ‘*pride*’ kung saan nagkakanlong ang marami nating gawi. Nakakaligtaan nating siyasatin ang sariling pag-uugali at madalas ay tinatago ang motibo nito. Subalit ang tunay na tagasunod ni Cristo ay dapat maging bukas na aklat sa harap Niya at walang itinatago. Kung nais nating maging mapagtagumpay na kristiyano, Nararapat ma maging tapat tayo sa ating sarili at sa Dios, ilahad sa Kaniya pati ang tunay na motibo ng ating mga gawa.

### **Humingi ng Tulong sa Dios**

Matapos kilalanin ang ating kamalian, kausapin natin ang Dios ukol dito at hilingin natin na tulongan tayo maalis ito sa ating buhay. Makabubuting maglaan ng kalahating oras sa panalangin tuwing umaga, magandang simulan ang araw sa pananalangin. Masusing ilahad sa Dios ay ating suliranin at hilingin na bigyan tayo ng lakas na kailangan natin sa araw na yaon—na di tayo madala ng hatak ng laman o ano mang suliranin natin. Kung nakikipagtunggali sa pagnanasa ng laman—iwaglit ang anumang maruruming isipin pag ito’y pumasok sa isipan ang humingi ng tulong sa Dios. Patuloy itong gawin at ‘di maglalaon, mapupuna natin na ang dating gawi natin ay unti-unting magbabago hanggang sa tuluyang maiwaksi natin ang ating masasamang nakasanayan.

### **Lumayo sa Tukso**

Ikatlo, Maagap nating pagpasiyahan na takasan ang anuman na nagtutulak sa ‘tin para matukso sa kasalanan. Ito ang susi para magapi natin ang hatak ng laman at impluwensiya ng mundo. Sa 1 Corinto 6:18 ay ipinayo ni Pablo na “*Magsitakas kayo sa pakikiapid*” at sa 1 Corinto 10:14, ‘*magsitakas kayo sa pagsamba sa diosdiosan.*’ Gayon din naman sa sulat sa batang` si Timoteo, ipinayo rin ni Pablo patungkol sa mga maibigin sa salapi at iba pang pagnanasa, na ‘*tumakas sa mga bagay na ito, at sumunod sa katuwiran, sa kabanalan, sa pananampalataya, sa pagibig, sa pagtitiis, sa kaamuan.*’ At karaniwang ipinapayo ay agad tumakas sa tukso o ‘flee from temptation’. Kung agad natin iiwasan ang anumang uri ng tukso, maiwasan din natin na magkasala.

### **Magbasa ng Biblia**

Maglaan ng ilang saglit o oras sa bawá’t araw para sa pagbabasa ng Biblia. Sa Mateo 4:4, ‘*Datapuwa’t siya’y sumagot, at sinabi, Nasusulata, Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawá’t salitang lumalabas sa bibig ng Dios*’, Awit 119:105, ‘*Ang salita mo’y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas.*’ At sa 2 Timoteo 3:16-17, ‘*Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran; Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti.*’ Ang benepisyong ito ay mapapasatin kung alam natin ang itinuturo ng biblia. Ang pagpupuno ng ating isipan ng mga bagay tungkol sa Dios ay makakatulong sa tin upang aalisin ang anumang maruruming isipin na magtutulak sa tin para magkasala.



## Pinakamahalagang Hakbang

Ang mga nasabing hakbangin ay naisulat partikular sa mga nagtitiwala na kay Jesuscristo bilang Panginoon at Tagapagligtas. Sa pagkilala sa katotohanan na ang pakikipaglaban sa kasalanan ay di natatapos lamang sa sandaling natanggap na natin ang Banal na Espiritu. Ang paglapit sa Dios ng may pagsisisi at pagtanggap kay Jesus ay ang unang hakbang na dapat natin gawin para labanan ang kasalanan at ang epekto nito. Sinasabi ng kasulatan na maliban kay Jesucristo; *'walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas.* (Mga Gawa 4:12)

Binibigyan ni Jesus ng bagong simulain ang sinumang nagtitiwala sa Kanya. Sa pamamagitan Niya, ang mga kasalananag nagawa ay pinatatawad at ipinagkakalooban ng Banal na Espiritu bilang *'paunang bayad'* sa buhay na walang hanggan at tulong sa pakikibaka sa tukso. Ang sinumang nagtitiwala sa Kanya ay maaaring *'lumapit ng may pagtitiwala sa luklukan ng biyaya, upang magsipagtamo ng awa, at mangakasumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan.* (Hebreo 4:16). Sa tulong ng Dios kaya nating alisin ang kasalanan sa ating buhay.

## Walang Kahatulan

Kapag lubos na nating nalaman ang daan sa kaligtasan, may sapat na pagka-unawa sa pamantayan ng Dios at kumikilos ayon sa ganoong kaalaman, lumalapit sa Dios ng pagpapakumbaba 't pagsisisi, tatanggapin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas, ay nakahanda na tayo sa bautismo na sumasagisag sa pagkalibing ng 'lumang tao' at pagkabuhay ng 'bagong tao' kay Cristo Jesus.

Ang **'lumang tao'** ay patay na sa harap ng Dios subalit ang **'bagong tao'** ay buhay at tinuring na walang kasalanan. Itinuturing ito ay 'Matuwid'—pagkat ang kasalanan nito ay binura at nilimot na. Sa ganitong pagtanggap ng Dios sa tin, Nararapat pa ba nating ihanay ang sarili sa 'lumang tao' na patay na at nailibing sa tubig ng bautismo? Tunay na tayo'y 'bagong tao na kay Cristo.' *"Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago.* (2 Corinto 5:17)

Muling Pansinin ang sinabi ni Pablo sa Roma 7:19-20, *Sapagka't ang mabuti na aking ibig, ay hindi ko ginagawa: nguni't ang masama na hindi ko ibig, ay siya kong ginagawa. Datapuwa't kung ang hindi ko ibig, ang siya kong ginagawa, ay hindi na ako ang gumagawa nito, kundi ang kasalananag tumitira sa akin.*

Alam ni Pablo na ang hatak ng laman ay lalagi sa kanya subalit alam din niya ang kaligtasang kaloob ni Jesus at ang kaloob na Banal na Espiritu na sumasakanya ay may higit na makapangyarihan kaysa sa tawag ng laman.

Tayo rin ay magkakaroon ng ganitong kasiguruhan na magbubukas sa tin ng panibagong pananaw sa paglago sa buhay Kristiano. Kung tayo'y magsisi, tatanggapin si Jesus bilang Panginoon at tagapagligtas, mababautismuhan at magsisimula ng panibagong buhay na kasama si Cristo.

## Mga Huling Katuparan

Darating ang panahon kung saan ang kasalanan at kasamaan ay maglalaho na sa mundo. At ito'y ay nagsimula na sa pagliligtas na ginawa ni Jesucristo at makukumpleto na kapag' *siya'y maghari hanggang mailagay niya sa ilalim ng kaniyang mga talampakan ang lahat niyang mga kaaway. Ang kahulihulihang kaaway na lilipulin ay ang kamatayan.* (1 Corinto 15:25-26)

Sinulat ni Pablo; *Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin. Datapuwa't ang bawa't isa'y sa kaniyang sariling katayuan; si Cristo ang pangunahing bunga; pagkatapos ay ang mga kay Cristo, sa kaniyang pagparito. Kung magkagayo'y darating ang wakas, pagka ibibigay na niya ang kaharian sa Dios, samakatuwid baga'y sa Ama; pagka lilipulin na niya ang lahat ng paghahari, at lahat ng kapamahalaan at kapangyarihan.* (v23, 24)

Ang nangamatay kay Cristo ay babangon upang katagpuin ang Panginoon sa kanyang pagbabalik. Itatag Niya ang Kanyang kaharian sa lupa at paghaharian ang mga bansa. Sa ilalim ng matuwid na paghahari ni Cristo at ng kanyang mga hirang, *siya'y hahatol sa gitna ng mga bansa, at sasaway sa maraming tao: at kanilang pupukpuhin ang kanilang mga tabak upang maging mga sudsod, at ang kanilang mga sibat ay maging mga karit: ang bansa ay hindi magtataas ng tabak laban sa bansa, o mangagaaral pa man sila ng pakikipagdigma.* (Isaias 2:4) Ang Katuwiran ng Dios ay pupuno sa buong mundo.

Ang kasalanan at kasamaan ay di agad mawawala sa pagbalik ni Cristo. Matapos ang isang libong paghahari ni Cristo (Pahayag 20:4-5), si Satanas ay pakakawalan at muling dadayain ang mga bansa (v7-9). Ito ay magbubunga ng huling rebelyon na maglalantad sa mga nilalang na di sumunod sa paghahari ni Cristo, Tulad ng nangyari sa Sodoma at Gomorrah, *ang apoy ay bababa at tutupukin sila.* (v9)

Matapos ang isang libong taon, ang iba pang namatay—silang di nakasama sa unang pagkabuhay at pagbabalik ni Cristo—ay ibabangon para sa paghuhukom (Pahayag 20:4,5,12). Sa Huli, yaong di nagsipagsisi at tumanggap ng inilaang kaligtasan ni Cristo ay mamamatay sa dagat ng apoy. *Ang magtagumpay ay magmamana ng mga bagay na ito; at ako'y magiging Dios niya, at siya'y magiging anak ko. Nguni't sa mga duwag, at sa mga hindi mananampalataya, at sa mga kasuklamsuklam, at sa mga mamamatay-tao, at sa mga mapakiapid, at sa mga manggagaway, at sa mga mapagsamba sa diosdiosan, at sa lahat na mga sinungaling, kanilang bahagi ay sa dagatdagatang nagniningas sa apoy at asupre; na siyang ikalawang kamatayan.* (Pahayag 21:7-8)

Matapos malinis ang mundo ng kasamaan, tanging ang Katuwiran ang maiiwan. *At papahirin niya ang bawa't luha sa kanilang mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan; hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man: ang mga bagay nang una ay naparam na.* (Pahayag 21:4)

**Dito magwawakas ang kasalanan at kasamaan sa mundo!**